PANTAO
International Journal of the Humanities and Social Sciences
ISSN 3028-0877
Volume 3, Issue 3 (2024)

# Watching and reviewing selected Korean dramas and Filipino dramas

**Mary Jean A. Apuhin**
Capiz State University Burias Campus
Email: mjapuhin@capsu.edu.ph

**Abstract:** As a teacher, it is essential to acquire various techniques in teaching or presenting lessons to make them exciting for students. The primary objective of this study is to examine the social conditions depicted in selected Korean and Filipino dramas and to develop a model for analysis. Documentary or content analysis was employed to determine the differences and similarities of the dramas. The study includes two Korean dramas and two Filipino dramas, selected based on similar themes and having been aired on television. The social conditions portrayed in each drama reflect and symbolize the country it represents. These social conditions provide awareness of the societal events and may open the viewers' minds to take action in addressing the challenges faced by society. The differences and similarities in each country's culture serve as a path to fostering a broader mindset that respects and values one another. Over time, these differences will bridge the gap, allowing for a deeper understanding and appreciation. Cultural differences will no longer be a hindrance but may instead influence one's own culture. As a result of this research, a new model for analysis was developed. This study may also assist other researchers in gaining a deeper understanding of both local and foreign works in the context of globalization.

# Panonood at pagsusuri sa mga piling Korean drama at Filipino drama

**Mary Jean A. Apuhin**
Capiz State University Burias Campus
Email: mjapuhin@capsu.edu.ph

**Abstrak:** Bilang isang Guro nararapat na magtamo ng iba't ibang teknik sa pagtuturo o paglalahad ng mga aralin upang ito ay magiging kapana-panabik sa mga mag-aaral. Ang pangunahing layunin ng pag-aaral na ito ay masuri ang mga Kalagayang Panlipunan ng mga piling Korean Drama At Filipino Drama: Pagbuo ng Modelo ng Pagsusuri. Ginamit ang dokumentaryong pagsusuri o pagsusuring pangnilalaman upang mabatid ang pagkakaiba at pagkakatulad ng mga drama. Binubuo ito ng 2 Korean drama at 2 Filipino Drama. Pinili ang mga akda batay sa pare-parehong tema at naipalabas na sa telebisyon. Ang mga kalagayang panlipunan na ipinakita sa bawat drama ay nagpapakita at sumasagisag sa bansa na kanyang kinabibilangan, ang mga kalagayang panlipunang ito ang magtuturo at magmulat sa mga nangyayari sa lipunang ginagalawan maari ring magmulat upang mabuksan ang isip upang kumilos at gumawa ng aksyon sa mga problemang kinakaharap. Ang bawat pagkakaiba at pagkakatulad ng kultura ng bawat bansa ang magiging daan upang mabigyan ng malawak na isip na gumalang at bigyang pagpapahalaga ang bawat isa. Sa pagdaan ng panahon ang pagkakaiba ang maglalapit upang mas lalong makilala at mahalin. Hindi na magiging sagabal ang pagkakaiba upang maunawan ng iba bagkus maaring makaimpluwesya sa kulturang kanyang kinabibilangan. Kaya naman sa kinalabasang pananaliksik na ito ay nagbunsod upang makabuo ng bagong modelo upang magamit sa larangan ng pagsusuri. Ang ginawang pananaliksik ay maaaring makatulong sa iba pang mananaliksik upang higit na magkaroon ng malalim na pagkaunawa sa sariling akda at akda ng dayuhan para sa usaping globalisasyon.

Keywords: Teoryang Sosyolohikal, kultura, kalagayang Panlipunan

Date Submitted: June 5, 2024
Date Accepted: June 28, 2024
Date Published: September 23, 2024

## PANIMULA

Ang panonood ay hindi na mawawaglit sa pamumuhay ng mga Pilipino, sa limang (5) makrong kasanayan ang panonood ang may pinakamatas na porsyento. Hindi na nga yata maiaalis sa mga Pilipino ang pagkakaroon ng libangan kung saan ang mga libangang ito ang nagiging daan upang maibsan ang ilang problemang kanilang kinakaharap.

At sa paglipas ng panahon sa pagkakaroon ng makabagong teknolohiya, ang telebisyon ang nagsilbing libangan ng bawat Pilipino malaki nga ang impluwensya nito sa bawat isa. Ang telebisyon din ang naging tulay upang makapasok sa mundo ng Drama.

Ang mga teleserye o Filipino ay patuloy na niyakap at minahal ng mga Pilipino at hindi pa nga nakuntento pati ang drama ng ibang bansa ay tinangkilik narin mula sa Mexican drama, Taiwan drama hanggang sa Korean drama

Ayon kay Magana (2012), madaling mahumaling ang mga Pilipino sa mga makabagong uso lalo na kung ito ay nagmula pa sa ibang bansa. Isa na nga rito ang panonood ng mga Koreanobela na isinalin sa Wikang Filipino. Kadalasan, ang mga teleserye o palabas na nilikha ng mga kapwa nating Pilipino ay hindi na gaanong nabibigyang pansin. Ngunit isa sa kagandahan ang naibibigay ng panonood ng Koreanovela na isinalin sa wikang Filipino ay nakikilala at nalalaman ng mga manonood ang kulturang mayroon ang ibang bansa na makatutulong sa mga manonood lalo na sa mga mag-aaral na mapalawak ang kanilang kaalaman patungkol sa iba't ibang kultura, kaugalian, tradisyon o maging paniniwala na maaaring mayroon o wala ang ating bansa.

Ang iba't ibang paraan ng pananamit o kasuotan ng ibang bansa ay isa rin sa nakakapagbigay ng interes at engganyo sa mga manonood kung kaya't ito'y patuloy na tinatangkilik at hinahangaan ng mga manonood lalo't higit ng mga kabataang mag-aaral sa

panahon ngayon. Iba kung gumwa at humugot ng kwento ang mga koreano sa aking pagmamasid may mga panyayari sa kwento na hindi mo aasahan na mangyayri ika nga, hindi mo mahuhulaan ang susunod na mangyayari. Ngunit hindi ibig sabihin nito na malalim na ang kawalang kaalaman sa kalagayang panlipunan sa Korea o kulturang Koreano kahit sa mga Filipino drama. Kaya naman napagpasyahan ng mananaliksik na suriin ang mga piling Korean drama at Filipino drama kung anu ang mga pagkakaiba at pagkakatulad ng mga palabas na ito sa pamamagitan ng pagdulog kultural sa mga kalagayang panlipunan.

*Pahayag ng suliranin*

Ang pag-aral na ito ay gamit ang kalagayang panlipunan ay naglalayong matukoy ang paghahambing at pagkakatulad ng Korean Drama at Filipino Drama. Nilalayon masagot ang mga sumusunod na katanungan:

1. Anu-anong kalagayang panlipunan ang isinasaad sa mga piling Korean Drama at Filipino Drama? (a) Pulitikal; (b) Pamumuhay, at; (c) Edukasyon?
2. Ano ang pagkakaiba at pagkakatulad ng Korean Drama at Filipino Drama sa kalagayang Panlipunan batay sa: (a) Pananamit; (b) Pananalita, at; (c) Pag-uugali?
3. Anong makabagong teknik ang mabubuo sa pagsusuri ng mga akdang pampanitikan?

## METODOLOHIYA

*Disenyo ng pananaliksik*

Pamaraang kwaliteytib at pangnilalamang pagsusuri (Content Analysis) ang ginamit ng mananaliksik sa kanyang ginawang pag-aaral. At binigyang linaw ang mga Pagdulog Kultural sa kalagayang panlipunan sa pinapanood na Korean Drama at Filipino Drama. Sinuri ang mga impluwensya ng mga drama sa mga manood. Isinalarawan ang mga kalagayang panlipunan gaya ng pulitikal, pamumuhay at edukasyon. Inalam ng mananaliksik ang mga salik na naging makabuluhan upang mapabatid at mailarawan ng makatotohanan ang mga kabatiran pagpapahalagang kultural na nakapaloob sa mga drama kung papaanong mas magiging maigting ang pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa panitikan bilang bahagi ng kanilang buhay.

Inaasahan ng mananaliksik na makatutulong ang pag-aaral na ito upang magkaroon ng kabatiran sa mga pag-uugali at pag-usbong ng mga akdang pampanitikan na dayuhan.

Gumawa ang mananaliksik ng pakikipanayam sa ilang mga dalubhasang guro upang masuri ang mga akdang sinuri ng mananaliksik upang maging balidasyon ang pag-aaral.

Ginamit din ng mananaliksik ang dokumentaryong pagsusuri para malaman ang mga akda, ang impluwensya sa mga manonood. At upang malaman din ang kalikasan ng mga akdang tinatangkilik ng mga manonood at upang ito magiging makabuluhan sa pakikisalamuha at pag-uugali ng mga manonood

*Lokasyon ng pag-aaral at mga respondente*

Ang pag-aaral ay isinagawa sa Roxas City, Capiz, Region VI, kung saan ang mananaliksik ang pangunahing tagapagsuri ng mga napiling akdang pampanitikan. Kasama sa mga respondente ang mga mag-aaral at guro, kung saan nagsagawa ng mga panayam sa mga dalubhasang guro. Nagkaroon din ng Focus Group Discussion (FGD) upang mapagtibay ang mga natuklasan at mas malalim na matalakay ang mga temang nalikom mula sa pagsusuri.

*Mga kasangkapang pampananaliksik*

Gumamit ang pag-aaral ng kwalitatibong pamamaraan at pagsusuring pangnilalaman bilang pangunahing kasangkapan sa pagsusuri ng mga napiling Korean at Filipino drama. Ginamit ang mga ito upang tuklasin ang mga pagkakaiba at pagkakatulad ng mga palabas, lalo na sa

kanilang kontekstong panlipunan. Nagsagawa rin ng mga panayam ang mananaliksik sa mga dalubhasang guro bilang balidasyon sa mga natuklasan ng pag-aaral, pati na rin ang dokumentaryong pagsusuri sa impluwensya ng mga drama sa mga manonood.

*Pamamaraan ng pagsusuri ng datos*

Ang pagsusuri ng datos ay isinagawa gamit ang pagsusuring pangnilalaman, kung saan sinuri ang mga kontekstong panlipunan tulad ng pulitikal, ekonomiko, at edukasyonal na kondisyon na ipinakita sa bawat drama. Nangalap ang mananaliksik ng mga pananaw mula sa mga manonood, inuri ito batay sa pagpapahalagang moral, at saka isinailalim sa mas malalim na pagsusuri at internalisasyon. Ang mga panayam at FGD sa mga mag-aaral at guro ay nagpatibay sa pagsusuri.

## MGA NATUKLASAN AT TALAKAYAN

*Pagpapakita ng mga kalagayang panlipunan ang isinasaad sa mga piling Korean drama at Filipino drama batay sa pulitikal*

Base sa datos, sa *What's wrong with Secretary Kim* ay ipinakikita dito ang pantay na pagtingin ng isang mayaman at mahirap pagdating sa pag-ibig, pinakita din dito na hindi lahat ng mayayaman ay nakukuha ang kanilang gusto. Gaya ni Mr. Lee akala niya dahil sa mayaman sila ay agad siyang magugutuhan ni Sec Kim.

Sa *Boys Over Flowers* ay ipinakita kung paano nagagawang pagalawin ng isang tao ang mundo sa pamamagitan na kaniyang pera. Dahil ang mga pangunahing tauhan ay may ari ng eskwelahan nagagawa nila ang lahat ng nais nilang gawin at dahil kilalang mayaman sa Korea ang pamilya ng apat na lalaki ay mabilis nilang nakukuha ang mga bagay na gusto nila.

Sa Ika-6 na utos ay binibigyang diin naman dito ang isang sinaryo na hindi nakuha ni Emma ang posisyon niya sa kumpanya na matagal na niyang pinagtatrabahuhan siya ay kuwalipikado sa posisyon ngunit ito ay nakuha ni Georga dahil mas may backer sya. Ang pamemeke sa DNA test upang hindi makuha ang kanyang anak ginamit ni Georga ang kanyang koneksyon at pati pagtakas sa anak ni Emma.

Ang pananamantala ng mga may katungkulan sa mga maliliit na tao, sa Alyas Robin Hood naman ay halos parehas na kalagayang pulitikal ang pinakikita sa kwento, ang mga korap na opisyales ng bansa, ang kawalang hustisya sa mga naaapi at pagkakakulong ng mga taong walang kasalanan dahil lamang sa pansariling interes.

*Pagpapakita ng mga kalagayang panlipunan ang isinasaad sa mga piling Korean drama at Filipino drama batay sa pamumuhay.*

Base sa datos, ipinakita sa Korean Drama na ito ang iba't ibang uri ng pamumuhay na mayroon ang tao. Sa *Boys Over Flowers*, ipinakita ang malaking pagkakaiba ng pamumuhay ng mga mayayaman at mahirap. Ipinakita nito na kapag ikaw ay may pera at mataas ang iyong katungkulan at kaya mong pasunurin ang mga taong nasa baba. Sa Korean drama na ito ipinakita rin ang diskriminasyon ng mga mayayaman sa mahihirap dahil may ilang senaryo sa palabas na ito kung saan ay ipinakita ang mga kahinaan ng taong walang kakayahan na lumaban. Ang palabas na ito ay nagpakita ng realidad sa ating buhay gaya ng kapag may pera ka, kaya mong harapin ang mga taong maaari mong makabangga ngunit kapag ikaw ay mahirap, wala kang kakayahan na ipagtanggol ang iyong sarili.

Ipinakita sa Korean Drama na ito ang iba't ibang uri ng pamumuhay na mayroon ang tao. Sa *Boys Over Flowers*, ipinakita ang malaking pagkakaiba ng pamumuhay ng mga

mayayaman at mahirap. Ipinakita nito na kapag ikaw ay may pera at mataas ang iyong katungkulan at kaya mong pasunurin ang mga taong nasa baba. Sa Korean drama na ito ipinakita rin ang diskriminasyon ng mga mayayaman sa mahihirap dahil may ilang senaryo sa palabas na ito kung saan ay ipinakita ang mga kahinaan ng taong walang kakayahan na lumaban. Ang palabas na ito ay nagpakita ng realidad sa ating buhay gaya ng kapag may pera ka, kaya mong harapin ang mga taong maaari mong makabangga ngunit kapag ikaw ay mahirap, wala kang kakayahan na ipagtanggol ang iyong sarili.

Samantala sa ika-6 na utos naman ay maluho ang buhay nina Emma at Rome. Higit na mayaman si Rome dahil siya ng nag-iisang anak ni Donya Margarita na isa rin mayaman na negosyante ipinakikita dito na sa kabila ng kanilang marangyang buhay ay nagkalamat pa rin ang kanilang pagsasama. Bilang mag-asawa hindi naging sapat ang estado ng kanilang pamumuhay, hindi nakuntento sa kung ano meron sila. Dahil na rin sa katayuan sa buhay nina Emma at Rome ito ang isang dahilan kung bakit inaayawan ni Margarita si Emma.

Gayundin ang Alyas Robin hood simple at maayos ang kanilang pamumuhay naitaguyod niya ang kanyang sarili at nakapagtapos ng abogasya  nagulo lamang ito ng patayin at iframe up siya sa pagpatay sa kanyang sariling ama.

*Pagpapakita ng mga kalagayang panlipunan ang isinasaad sa mga piling Korean drama at Filipino drama batay sa edukasyon*

Base sa datos, si Kim Mi So ay isang mapagpaubayang kapatid nagawa niyang unahin ang pag-aaral ng kaniyang kapatid na dahil  siya ang naghahanap-buhay sa kanilang pamilya. Ngunit nagawa niyang makapagtapos ng kolehiyo dahil sa kaniyang pagsusumikap.

Si Geum Jan Di ng Boys over Flower na anak ng may-ari ng isang laundry shop na kung hindi dahil sa isang insidente ay hindi makapapasok sa isang magandang paaralan, nagagawa naman niyang pumasok ngunit hindi kagaya sa paaralan kung saan siya ay naanyayahan na doon na mag-aaral ay hindi magagawang makakuha ng dekalidad na edukasyon.

Sa drama na Ika-6 na utos naman ay parehas nakapatapos ng pag-aaral sina Emma at Rome. Si Rome at isang Piloto samantalang si Emma ay nagtatrabaho sa travel angency iisang kumpanya lamang ang kanilang pinapasukan sa kabila ng maayos na buhay at edukasyon na kanilang natapos hindi pa rin ito naging sapat upang mapanatili ang kanilang pagsasama mag-asawa nangaliwa pa rin si Rome humanap ng sexy at mas mas magandang babae.

Si Pepe naman ay nagsikap na makapagtapos ng abogasya ito ay naging inspirasyon niya sa kanyang ama na maging isang mahusay na abogado, ginagamit din niya ang galing niya sa pakikipaglaban at husay niya bilang abogado upang mabigyan ng hustiya ang mga naaapi.

*Pagkakaiba at pagkakatulad Korean drama at Filipino drama sa kalagayang panlipunan batay sa pananamit, pananalita at pag-uugali*

Base sa datos, mapapansin sa mga pananamit ng Koreano ito ay makakapal at mahahaba dahil na rin sa kadahilanan na iba ang panahon sa Korea. Sa mga K-Drama na aking napanood ang kadalasang suot ng mga tauhan ay magagarbo at magaganda. Dahil na rin ang tema ng kanilang palabas ay nakakaangat sa buhay. Samantala ang pananamit ng mga Pilipino ay manipis, maikli dahil din sa mainit na panahon ngunit dahil na rin sa impluwesya ng ibang dayuhan natututo na rin magsuot ng damit  na makakapal at mahahaba. Sa Filipino Drama na aking napanood naakma naman ang suot ng mga tauhan sa mga karakter na kanilang ginagampanan. Ang Hanbok o ang pambansang kasuotan ng korea ay isinusuot nila

kapag sila ay ikakasal nagsusuot ang babae at lalaking ikakasal pati na rin ang kanilang mga magulang, samantala ang ating barong at baro't saya ay madalas na isinusuot ng mga opisyales ng gobyerno o kaya naman ay may okasyon o pagdiriwang sa gobyerno.

Pormal at kawsal ang pananalita ng mga Koreano malalabing kung sila ay mag-usap gayundi ang mga Pilipino, gumamit nga lng ng Po at Opo ang mga Pilipino kapag matatanda ang kanilang kausap o kaya naman ay matas ang katungkulan ngunit ang mga Koreano ay hindi. May ilang bahagi talagang masasabi na maanghang ang palitan ng mga linya ng mga tauhan, ngunit ganoon pa man maingat pa rin na pinipili ang mga salita. Sa pananalita ng mga korean kahit na sila ay nagagalit pinipilit pa rin nila ang magsalita ng ayos at mahinahon, ngunit ito naman ay kabaligtaran ng Pilipino na kapag nagagalit na nakakapagsalita ng hindi tama.

Mapapasin agad na magkaiba ng pag-uugali ang Korean at mga Pilipino dahil na rin sa magkaiba ng kultura, pagdating sa mga anak sila ay namamalo bilang pagdisiplina kahit sila ay malalaki na, ang mga Pilipino naman ay ilan lamang ang gumagawa ng ganitong disiplina, sa mga Filipino Drama napanood ko hindi pamamalo ang gingamit sa pagdidisiplina sa bata bagkus ay kinakausap lamang ng maayos at ipinapaliwanag ng mabuti ang mga maling ginawa. Parehas na gumaganti kapag sila ay naapi na. punong-puno ng pag-ibig at pagpapahalaga sa pamilya. At sa hapon matapos silang maghanapbuhay doon lamang sila naliligo samatala ang mga Pilipino ay umaga pagkagising bago pumasok sa trabaho.

*Makabagong teknik ang mabubuo sa pagsusuri ng mga akdang pampanitikan*

Ang makabagong teknik na ito ng pagsusuri ay nakasalig na sa tradisyunal na pagsusuri ng mga akda ito ay nilapatan lamang ito ng makabagong grapiko at dinagdagan ayon sa pagsusuri na ginawa ng mananaliksik.

Ang teknik na ito ay magiging gabay upang maging kaakit-akit ang pagsusuri ng nilalaman ng panitikan. Maaaring ibigay sa mga mag-aaral upang maging gabay kung paano susuriin ang maikling kwentong binasa.

Ang teknik na ito ay maaring gamitin sa paghahambing at pagkakatulad ng dalawang akda.

## KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Batay sa mga natuklasan sa pag-aaral, napatunayan na mahalaga pa ring suriin ang mga kalagayang panlipunan upang higit na maunawaan ang tunay na nangyayari sa ating lipunan. Ang mga bagong henerasyon ay nagkaroon ng kamalayan sa mga napapanahong isyu, na nagbibigay sa kanila ng sapat na kaalaman tungkol sa mga pangyayari sa lipunan at sa kanilang sariling bansa. Bagaman may mga pagkakaiba sa kultura ng bawat bansa, hindi ito dapat maging hadlang upang igalang at tangkilikin ang mga ito. Ang panonood ng mga dramang ito ay maaaring magkaroon ng negatibo at positibong epekto sa pag-iisip at pagdedesisyon ng mga manonood, lalo na dahil ang mga linya at eksena na ipinakikita ay tumatatak sa kanilang isipan. Bukod dito, ang patuloy na pagbuo ng mga modelo ng pagsusuri ay higit na nakakapagpalawak ng kaalaman at nakakatulong upang mas mapabuti at mapalalim pa ang pagsusuri ng mga akda.

Ang mga natuklasan ng mananaliksik sa pag-aaral na ito ay maaaring maging mahalagang gabay para sa mga susunod na mananaliksik at mag-aaral ng panitikan, lalo na sa pag-uugnay ng kultura ng Pilipinas at iba pang bansa. Sa mga guro, mahalaga na patuloy na pahalagahan at gawing makabuluhan ang pag-aaral ng mga dayuhang akda upang makatulong sa paglinang ng pagpapahalagang kultural ng mga mag-aaral, at ipagpatuloy ang pagbuo ng mga modelo ng pagsusuri na maaaring gamitin sa pagtuturo. Sa mga magulang,

mahalagang gabayan ang kanilang mga anak sa mga libangang kinahihiligan, tulad ng mga palabas na kanilang pinapanood, upang masiguro ang tamang impluwensya nito. Para sa mga mananaliksik, nararapat na magkaroon ng mas malalim na pagtalakay sa mga dayuhang akda upang mas maging mabisa ang mga ito sa kaisipan ng mga mambabasa, lalo na sa makabagong panahon at sa konteksto ng globalisasyon.

MGA SANGGUNIAN

Bacani, P. et. al., (2014). “Pagsusuri sa Panonood ng Teleserye; Bilang Isang Makrong Kasanayan sa Pagkatuto”

Bandura, W. (2011), “Social Profile”, New York: Holt and Winston.

Batnag, A. at Petras, J. (2009), “Teksbuk sa Pagsasalin”.

Bausmeister, R. & Bushman, B. (2008), “International Student Edition: Social Psychology and Human Nature”.

Clark, J.(2014), “Fashion Merchandising”, 3G Elearning FZ LLC, Digital Printed at Replika Press Pvt.Ltd, UAE.

Danny, F. P. (2010), "Ang Mga epekto Ng teleserye sa mga mag-aaral", Washington , DC: Ang Heritage Foundation.

Dorley, J. (2007), “Methods of Research and Thesis Writing”, Rex Book Store, Metro Manila.

England, P. (2009), “Theory on Gender: Feminism of Theory”, Al Dine D. Gruyter

Garcia, F. (2012), “Surinaysay: Wika – Panitikan – Malikhaing Pagsulat –Feminismo – Midya”, C&A Publishing, Inc. para sa De La Salle University.

Lanchita, A. (2014). Epekto ng Panonood ng Teleserye sa Mag-aaral ng Gen Santos Foundation College, Inc Lungsod ng Heneral Santos

Mariano, C. (2011), “Koreanovellas: It’s effect to the Cultural Behavior of Selected BS Broadcasting Students in Laguna State Polytechnic University Sta. Cruz – Main Campus, Sta. Cruz, Laguna”.

MGA LATHALAIN, ARTIKULO AT INTERNET WEBSITE

http://www.dlsu.edu.ph/conferences/dlsu_research_congress/2014/_pdf/proceedings/WCF-002-FT.pdf

http://www.m2comms.com/

http://www.philstar.com/cebu-lifestyle/2016/04/20/1574787/hallyu-wave-rise-korean-culture-philippines

http://www.scribd.com/doc/34410340/Panitikan-Ng-Mga-Umuunlad-Na-Bansa

https://group3filipino.weebly.com/kultura.html

https://philippineone.com/saranghae-korea-bakit-maraming-pilipino-ang-nahuhumaling-sa-musikang-k-pop-k-dramas-at-kulturang-hallyu/

https://plus.google.com/112593432520782173078/posts/RmmdfkesfK3

https://prezi.com/x2lx57g2acbr/south-korean/

https://www.coursehero.com/file/6723001/kabanata-1-5/

https://www.scribd.com/doc/28713836/teleserye-deskriptibong-pananaliksik

https://www.scribd.com/doc/28713836/teleserye-deskriptibong-pananaliksik